



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION V
SCHOOLS DIVISION OF SORSOGON CITY

MESSAGE FROM THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT

Isang mapagpalang araw sa ating lahat, lalo na sa ating mga magsisipagtapos ngayong Taong Panuruan 2025-2026!

Ang araw na ito ay hindi lamang pagtatapos ng isang kabanata, kundi isang pagpupugay sa inyong sipag, sakripisyo, at katatagan na nagdala sa inyo sa yugtong ito. Alam kong hindi naging madali ang inyong paglalakbay. May mga araling mahirap intindihin at mga pagsubok na tila nakakapagod. Subalit pinili ninyong bumangon at magpatuloy, at ang tibay ng loob na iyan ay magiging mahalagang sandata ninyo higit pa sa apat na sulok ng silid-aralan.

Sa inyong pagtanggap ng inyong mga diploma, alalahanin natin na ang tagumpay ng bawat mag-aaral ay tagumpay ng isang buong komunidad. Magpasalamat kayo sa ating Panginoon na siyang nagbigay ng lakas. Magpasalamat kayo sa inyong mga guro na hindi lamang nagbahagi ng kaalaman, kundi nagturo rin ng tapang. At higit sa lahat, sa inyong mga magulang at pamilya, na ang walang-sawang suporta at pagmamahal ang naging tulay upang makamit ninyo ang tagumpay na ito.

Ang tema natin ngayong taon: "*Pilipinong Nagsipagtapos: Handang Mamuno nang May Kakayahan at Mabuting Pagkatao,*" ay ang mismong landas na nais naming inyong tahakin. Sa inyong paghakbang patungo sa susunod na yugto ng inyong buhay, hindi sapat na kayo ay handa lamang magtrabaho, nais naming kayo ay maging handang mamuno.

Sa pamumuno, ang kakayahan at mabuting pagkatao ay dalawang haliging hindi maaaring paghiwalayin. Upang mamuno nang may kakayahan, kinakailangan ang patuloy na pagkatuto at kahusayan sa inyong mga napiling larangan. Ngunit ang inyong mabuting pagkatao ang magsisilbing gabay upang matiyak na ang inyong mga natutunan ay gagamitin para sa ikabubuti ng nakararami.

Kaya naman, manatili kayong mapagpakumbaba at laging bukas sa mga bagong kaalaman. Maging mabuti at magpakita ng malasakit, respeto, at pag-unawa sa inyong kapwa. Hindi lamang talino ang natutunan ninyo sa inyong paaralan, kundi pati na rin ang disiplina at pakikipagkapwa-tao.

Sa inyong pagpapatuloy, dalhin ninyo ang sipag at malasakit na hinubog sa inyo. Tandaan ninyo: ang kaalaman ang magbubukas ng mga pinto para sa inyo, ngunit ang inyong pagkatao ang magdedetermina ng inyong landas. Hayaan ninyong ang inyong mga pangarap ang magbigay-hugis sa inyong kinabukasan.



City Hall Compound, Cabid-an,
East District, Sorsogon City



sorsogon.city@deped.gov.ph



depedsorsogoncity.com



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION V
SCHOOLS DIVISION OF SORSOGON CITY

Kami ay lubos na nagmamalaki at naniniwala sa inyo. Humayo kayo taglay ang lakas ng isang may kakayahan, at maglingkod nang may puso. Maligayang Pagtatapos, at sa Diyos ang lahat ng papuri! Maraming salamat po.



City Hall Compound, Cabid-an,
East District, Sorsogon City



sorsogon.city@deped.gov.ph



depedsorsogoncity.com